Australian Government

COVID-19 VACCINATION

Pagbabakuna laban sa COVID-19 ng mga manggagawa sa paalagaang tirahan ng mga matatanda

Bagong impormasyon noong ika-12 ng Agosto 2021

Ang mga manggagawa sa paalagaang tirahan ng mga matatanda ay inuunang mabakunahan ng Pfizer laban sa COVID-19, kahit anong edad.

Lahat ng mga manggagawa sa paalagaang tirahan ng mga matatanda ay mababakunahan laban sa COVID-19 sa kanilang lugar ng trabaho.

Kasama rito ang mga klinika sa pagbabakuna sa loob ng lugar ng trabaho o mga pasadyang sentro ng bakunahan sa inyong lugar.

Magtanong sa inyong pasilidad sa paalagaang tirahan ng mga matatanda o taga-empleyo kung ano sa mga mapagpipilian sa ibaba ang maaari mong magamit:

1. **Mga klinika sa inyong lugar ng trabaho**: Itong mga klinika ay pamamahalaan ng mga tagapagbigay ng bakuna ng Komonwelt, GPs o mga tagapagbigay ng pangangalaga sa mga matatanda.

2. **Mga pasadyang sentro ng bakunahan):** Itong mga sentro ay ilalagay sa malapit sa mga pasilidad ng paalagaang tirahan ng mga matatanda at pangangasiwaan ng mga tagapagbakuna ng Komonwelt.

3. **Mga klinikang 'roving in-reach'**: Ang mga madaling ilipat na klinika (roving-in reach) ng Komonwelt ay papabalik sa mga pasilidad ng paalagaan sa mga matatanda upang magbigay ng oagbabakuna sa 23 na Local Government Areas (LGAs) sa kalaghang Sydney, sa mga apektado ng pagputok na LGA sa rehiyonal New South Wales, at sa mga lugar ng Tier 1 sa Victoria at Queensland.

Maaari ka ring makapagbabakuna ng Pfizer laban sa COVID-19 sa pamamagitan ng:

1. **Mga klinika ng pangunahing pangangalaga (primary care)**: Ipakilala ang iyong sarili bilang manggagawa sa paalagaang tirahan ng mga matatanda upang mabigyan ng prayoridad (sa loob ng pitong araw) sa isang pankaraniwang klinika (GP), bakunahang klinika ng Komonwelt (GP respiratory clinic), Aboriginal Community Controlled Health Service o botika. Tingna sa eligibility checker ang mga klinika sa inyong estado at teritoryo.

2. **Mga klinika ng estado at teritoryo**: Ang mga manggagawa sa paalagaang tirahan ng mga matatanda ay maaaring mabigyan ng prayoridad sa mga maramihang pagbabakunang klinika na pinamamahalaan ng estado at teritoryo. Tingnan ang eligibility checker para sa mga mapupuntahan klinika sa inyong estado at teritoryo.

Maaari ka ring tumawag sa **COVID-19 Vaccine Helpline sa 1800 020 080** (piliin ang opsyon 4) para sa anumang mga tanong tungkol sa pagbabakuna o tulong sa pagkakaroon ng petsa ng pagkakabakuna.

Ano ang kailangan kong dalhin sa oras ng pagkakabakuna?

Ang mga manggagawa sa paalagaang tirahan ng mga matatanda ay magpatunay sa kanilang pagkarapat-dapat sa pamamagitan ng pagpapakita ang mga sumusunod na dokumento:

1. patunay ng pagkakilanlan (hal.: lisensya sa pagmamaneho, pasaporte, sertipiko ng kapanganakan) **at**
2. patunay ng pagkaempleyo (hal.: isa sa mga sumusunod)
    - sulat mula sa inyong taga-empleyo na nagpapatunay na mayroon kang prayoridad na pagkakabakuna
    - kasalukuyang work ID card o payslip na nagpapatunay na ikaw ay kasalukuyang may-empleyo sa isang pasilidad ng pag-aalaga sa mga matatanda, **at**
3. Medicare card, kung mayroon ka nito.

Ang mga bakuna laban sa COVID-19 ay ligtas, ngunit kausapin ang iyong doktor kung mayroon kayong mga tanong o pag-aalala.

Ang mga bakuna laban sa COVID-19 ay mabisa sa pagpoprotekta sa iyo laban sa mga malalang sakit o pagkamatay mula sa COVID-19.

Ang impormasyon tungkol sa safety of COVID-19 vaccines ay makukuha sa online.

Sapilitang pagkabakuna ng mga manggagawa sa paalagaang tirahan ng mga matatanda

Magmula sa ika-17 ng Setyember 2021, ang pagkabakuna laban sa COVID-19 ay magiging sapilitan sa lahat ng mga empleyado sa paalagaang tirahan ng mga matatanda ng mga matatanda. Ang unang dosis ng bakuna laban sa COVID-19 ay kinakailangan sa oras na ito.

Ang Mandatory COVID-19 Vaccination of Residential Aged Care Workers framework ay nagbibigay ng gabay mula sa Australian Health Protection Principal Committee kung sino ang sapilitang mababakuhan, kabilang ang:

- Mga full time, part time at kaswal na kawani o nagtatrabaho sa mga pasilidad ng paalagaang tirahan ng mga matatanda (katulad ng mga kawani ng ahensya na nagtatrabaho sa lugar) upang magbigay ng:
    - direktang pag-aalaga (mga nars; personal na nag-aalaga; mga propesyonal sa kahaliling pangkalusugan, at mga katulong nila)
    - pamamahala (sa resepsyon; pangangasiwa; sa opisina)
    - pantulong na trabaho (pagluluto ng pagkain; paglilinis; paglalaba; paghahardin; maintenance)
    - estilo ng buhay/panglipunan (musika/sining), at

    - transportasyon – pagdadala ng mga residente sa mga pasyalan
- mga boluntaryo na hinirang ng mga pasilidad upang magtrabaho sa lugar
- mga estudyante na nagsasanay sa pasilidad ng paalagaang tirahan ng mga matatanda, at
- mga pangmedikal na propesyonal na nangangalaga sa mga residente.

Ang mga estado at teritoryo ay maglalabas ng kanilang mga kautusan sa pampublikong kalusugan at tagubilin tungkol sa sapilitang pagkakabakuna. Ikaw ay masighing hinihikayat na basahin ang mga ito kapag nakalabas na.

Suporta para sa pagkakabakuna laban sa COVID-19 ng mga maggagawa sa residential aged care

Ang programang Residential Aged Care COVID-19 Employee Vaccination Support Grant ay itinatag upang masuportahan ang mga mangagawa na nangangailangan ng pagkakabakuna sa labas ng trabaho:

- Ang mga kaswal na empleyado sa paalagaang tirahan ng mga matatanda ay mababayaran sa pamamagitan ng kanilang taga-empleyo:
    - isang kabayaran ng $80 bawat dosis ng pagkabakuna sa labas
    - isang araw na may bayad na pagliban sa trabaho ($185) kung may karamdaman pagkatapos ng pagkabakuna at kung wala na silang ibang mga karapatan sa pagbakasyon.
- Hanggang $500 sa bawat pasilidad sa paalagaan ng mga matatanda ay magagamit din para sa mga magastos sa pag-oorganisa sa mga empleyado na bakunahan sa labas, katulad ng mga serbisyo sa transportasyon.

Ang mga aplikasyon para sa programa ng pagpopondo ay gagawin ng mga nagbibigay ng serbisyo sa pag-aalaga, at maaari mong pag-usapan ang programa ng pagpopondo sa pasilidad ng paalagan sa mga matatanda.